Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**Bayan ng Santa Cruz**

FILE COPY
DATE: 7-1

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-16 NG HUNYO, 1999, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:10 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO............................ PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr............................ Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez............................ Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison............................ Kagawad
Kgg. Louie C. De Leon............................ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas............................ Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca............................ Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan............................ Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco............................ Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor............................ Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Florencio C. Odejar............................ Kagawad

**KAPASIYAHAN BLG. 131-T'99**

**KAPASIYAHANG TINATAPOS AT ISINASARA ANG KASONG IDINULOG NI GNG. PERLITA FERNANDEZ LABAN KAY KAPT. FELICISIMO TEODORO NG BRGY. SANTO ANGEL CENTRAL SA BAYANG ITO DAHILAN SA PAGKAKASUNDO NG MAGKABILANG PANIG.**

**SAPAGKA'T,** idinulog at napatalang kaso-administratibo ang isang reklamo ni Gng. Perlita Fernandez laban kay Kapt. Felicisimo Teodoro sa kasong pag-aabuso sa kapangyarihan;

**SAPAGKA'T,** hiningan ng salaysay ang ipinagsumbong, ayon sa itinatakda ng Kodigo ng Lokal na Pamamahala ng taong 1991;

**SAPAGKA'T,** matapos na makapagsumite ng salaysay ang ipinagsumbong ay tinalakay ito Karaniwang Pulong ng Sang. Bayan at napaliwat sa Committee on Good Government, Public Ethics and Accountability para sa pag-aaral at imbestigasyon sa naturang kaso;

**SAPAGKA'T,** nagkaroon ng magkahiwalay na pagpapatawag sa magkabilang panig ng mga kasapi ng naturang komite upang mabigyang-liwanag ang kasong idinulog ng nagsumbong at ipinagsumbong;

**SAPAGKA'T,** matapos na mabigyang-liwanag at malaman ang pasya ng magkabilang panig makipagkasundo sa halip na ipagpatuloy ang pagdinig sa naturang kaso ay ipinasya ng Committee Good Government, Public Ethics and Accountability na irekomendang tapusin at isara ang naturang kaso;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Eugenio A. Javier, Jr. na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Jeffrey A. Villaseñor, Angelito U. Limjuco, Edgardo T. Porca at Louie C. De Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na tapusin at isara ang kasong idinulog ni Gng, Perlita Fernandez laban kay Kapt. Felicisimo Teodoro ng Brgy. Santo Angel Central sa bayang ito dahilan sa pagkakasundo ng magkabilang panig.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, at Kapt. Felicisimo Teodoro, lahat sa bayang ito para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa Kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**NAGPATUTOO:**

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan / Tagapangulo

**PINAGTIBAY:**

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

SANGGUNIANG BAYAN D
RECORDED
BY: ____
DATE ____
STA. CRUZ, LAGUNA